# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

*TOMO 42 BILANG 1* *BASAHIN AT TALAKAYIN* *ENERO 2022*


*EDITORYAL*

## Biguin ang mga plano ni Duterte na palawigin ang pasistang paghahari

Gagawin ng sinumang tirano ang lahat upang patuloy na makapaghari. Sa nalalapit na pagtatapos ng termino ni Duterte, lumilikha siya ng samu't saring pakana mula sa pagmamaniobra sa darating na pambansang halalan, pagsagpang sa lumalaganap na COVID-19 hanggang sa pagbubuo ng senaryong *no elections (no-el)*. Ang mga pakanang ito ay dapat biguin ng sambayanang Pilipino. Kailangang palakasin at padagundungin ang mga pakikibakang bayan para wakasan ang paghahari ni Duterte!

Nagsasagawa ng iba't ibang pakulo si Duterte para siguruhin ang panalo ng kanyang mga manok sa eleksyon. Tiyak na mauulit ang lansakang pandaraya gaya noong eleksyong 2019 lalo't pulos hinirang na ni Duterte ang matitirang mga komisyuner ng Commission on Elections (Comelec) pagsapit ng Pebrero, matapos na magretiro ang tatlong komisyuner nito. Dati nang nakopo ng Smartmatic-TIM ang kontrata sa dekompyuter na pagbibilang sa Comelec kung saan may malaking puhunan ang kroni niyang si Dennis Uy. Kamakailan, nabunyag na may mga ahente na ng Smartmatic na nagpapasuhol ng P60 milyon kapalit ng pagpapanalo sa isang kandidato sa lokal na antas. Tiyak na sasamantalahin ito ng alyansang Marcos-Arroyo-Duterte (MAD) upang makapanumbalik sa kapangyarihan.

Kung magiging dehado sa elektoral na kampanya ang kanilang mga kandidato, madali lamang para kay Duterte na magpakana ng senaryong *no-el* upang maisakatuparan ang kanyang maitim na planong manatili sa Malakanyang lagpas 2022. Kabilang dito ang pagtatangkang antalahin at pigilan ang pag-imprenta ng mga balota sa pamamagitan ng orkestradong paghahain ng petisyon ng PDP-Laban ng paksyong Cusi sa Comelec para muling buksan ang paghahain ng kandidatura sa eleksyong 2022; paggatong sa isterya ng paglaganap ng Omicron *variant* ng COVID-19; at ang iniulat na pag-*hack* diumano sa *server* ng Comelec kung saan nanakaw ang higit 60 GB *data* ng mga *username* at PIN ng *vote-counting machines* at iba pa. Ang mga ito'y maaaring gamiting



# KALATAS

Enero 2022
TOMO 42 BILANG 1

NILALAMAN

1 Biguin ang mga plano ni Duterte na palawigin ang pasistang paghahari

3 Demolisyon sa Patungan, tuluy-tuloy na binibigo ng mga residente

4 Ang sistemikong pananalasa ng mga otoritaryang partido sa Pilipinas

6 Hegemonya at geopulitikal na interes ng US sa Silangang Europa at Indo-Pasipiko

8 Tugon ni Pdg: Ano ang pagsusuri ng rebolusyonaryong kilusan sa patakarang bawal lumabas ang mga hindi pa bakunado?

10 #NeverAgain: Pamilyang Marcos, salarin sa pinakamalaking pagnanakaw ng isang gubyerno sa kasaysayan ng daigdig

12 INDEKS: Kilalanin ang kaaway, inilabas ng KARED -TK

14 Parlade at 2 opisyal ng Philippine Army, kinasuhan

14 Kultura: Sa walang hanggang alaala ng kadakilaan nina Kasamang Eden Marcellana at Dorris Cuario

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

batayan para magdeklara ng *failure of elections*. Bagamat ibinasura na ng Comelec ang petisyon ng paksyong Cusi at pinasubalian ang balitang nakompromiso ang kanilang *server*, hindi matapos-tapos ang pagdududa sa integridad ng dekompyuter na eleksyon dahil sa kawalan ng akses para malaman ang *source code* para sa dekompyuter na pagbibilang at batbat ito ng anomalya.

Kabilang din sa mga maniobra ni Duterte sa eleksyon ang mabagal na pag-usad ng pagdinig ng Comelec sa mga petisyon para sa diskwalipikasyon ng kandidatura ni Bongbong Marcos (BBM) sa pagkapresidente. Kinakasabwat nila ang ilang komisyuner ng Comelec para rito. Ibinunyag ni Komisyuner Rowena Guanzon na sadyang inaantala ni Komisyuner Aimee Ferolino na ilabas ang resolusyon ng Unang Dibisyon sa mga petisyon sa diskwalipikasyon ni BBM hanggang sa petsa ng kanyang pagreretiro sa Pebrero 2 upang ipawalang-saysay ang kanyang boto para idiskwalipika si BBM. Subalit sakaling manalo ang kandidatura nina BBM at Sara sa pamamagitan ng pandaraya at manipulasyon ng boto ng Comelec, maaaring idiskwalipika si BBM ng Korte Suprema matapos niyang makapanumpa sa Hunyo 30 para bigyang-daan ang pag-akyat ng anak na si Sara sa pagkapresidente kahalintulad ng naging pag-akyat sa kapangyarihan ni Arroyo. Bagama't litaw pa ang akomodasyon nina BBM at Sara sa isa't isa, sa malao't madali, lilitaw ang bitak sa kanilang hanay dahil kapwa ganid sina Marcos at Duterte sa kapangyarihan.

Sa kabilang banda, manghihimasok ang imperyalistang US at China para impluwensyahan ang resulta ng eleksyon. Kapwa sila tumataya sa lahat ng kandidato upang isulong ang sariling geopulitikal na interes sa rehiyong Asya-Pasipiko. Mahigpit ang koneksyon ni Uy sa China habang ang gagamiting *software system* at *source code* sa halalan ay mula sa kumpanyang US na PRO V&V Company. Bukod pa rito, malalim nang nakaugat ang impluwensya ng US sa ekonomya, pulitika at militar ng Pilipinas habang humihigpit ang ugnayan ng administrasyong Duterte sa China.

Sakaling madiskaril ang mga maniobrang elektoral, maaari pa ring ipataw ni Duterte ang Martial Law upang tiyakin ang pananatili sa kapangyarihan. Patuloy ang paglikha ng rehimen ng teror at panganib para bigyang-matwid ang pagpapataw ng batas militar. Ginagamit pang sangkalan ang rebolusyonaryong kilusan na ipinipinta nitong terorista na diumano'y manggugulo sa paparating na halalan. Sa ganito, inilulusot ang mga pagbabanta sa mga pulitiko na huwag makipag-ugnayan sa rebolusyonaryong kilusan at pagpapakat ng dagdag na tropang pulis at sundalo sa mga tinukoy na *election hotspots.*

Dapat maging mapagmatiyag ang sambayanan sa mga pagbabago sa sitwasyong pampulitika. Kailangang paghandaan ang anumang pagbabago at pag-igting ng mga girian laluna sa pagitan ng magkakaribal na paksyon ng naghaharing uri. Samantalahin ito upang mabuo ang pinakamalapad na nagkakaisang prente para ihiwalay ang naghaharing pangkating Duterte at ang alyansang MAD. Kontrahin ang ipinalalaganap nilang mga pekeng balita at disimpormasyon pati ang mga maniobra para siguruhin ang kanilang pagkapanalo sa reaksyunaryong eleksyon.

Kasabay nito, dapat magkaisa ang sambayanan upang pigilan at biguin ang alinman sa mga pakanang ito para sa hibang na pangarap ng habambuhay na diktadura ni Duterte.

Suportahan ang mga progresibo at makabayang kandidato na tunay na nagtataguyod sa interes ng mamamayan. Karamihan sa mga ito ay nire-*red-tag* at sinisiraan ng pasistang rehimen at AFP-PNP. Himukin

silang makipagkaisa sa panawagan at itaguyod ang interes ng mamamayan.

Ang kasalukuyang kilusan sa pagpapabagsak kay Duterte at pagpigil sa panunumbalik ng mga Marcos ay bahagi ng pagsusulong ng pambansa-demokratikong interes ng bayan. Ang rehimeng Duterte at kasapakat nitong mga Marcos, Arroyo at mga otoritaryang partido ang pangunahing kaaway ng sambayanang Pilipino na sagka sa pagkakamit ng karapatan sa lupa, kabuhayan, batayang serbisyong sosyal at hustisyang panlipunan. Pangunahing tungkulin ng mga rebolusyonaryong pwersa na pukawin, organisahin at pakilusin ang pinakamaraming bilang ng mamamayan sa pakikibakang ito.

Ganap na magagapi si Duterte sa balangkas ng kumprehensibong pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan tungo sa hindi pa naaabot na antas. Pataasin ang mapanlabang diwa ng mamamayan at palakasin ang kanilang mga anti-pasista, anti-imperyalista at anti-pyudal na pakikibaka.

Isulong ang mga kilusang masa para palayasin ang mga kampo at pwersa ng militar sa mga baryo kagaya ng matagumpay na pagpapatalsik ng mga taga-Quezon sa mga kampo militar noong 2021. Isulong ang mga pang-ekonomiyang laban para ibsan ang lumalalang kagutuman at kahirapan bunsod ng higit na lumalalim na krisis panlipunan. Labanan ang mga iniraratsadang gatasang proyekto at programa ng gubyernong Duterte para sa diumanong muling pagbabangon ng ekonomya ng bansa na sasagasa sa pambansa at demokratikong interes ng mamamayan. Ipagtanggol ang pambansang soberanya sa harap ng imperyalistang panghihimasok at pandarambong.

Ibandila ang kawastuhan at pangangailangang maglunsad ng armadong paglaban upang iwaksi ang kasalukuyang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Kailangang paigtingin ang inilulunsad na digmang bayan upang labanan ang pasismo ng estado at ipagtanggol ang mamamayan. Magpasampa ng pinakamaraming kabataan at mabubuting anak ng bayan sa Bagong Hukbong Bayan.

Patatagin ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika bilang binhi ng pagtatayo ng rebolusyonaryong gubyerno sa kanayunan. Ito ang tunay na gubyernong maaasahan ng mamamayan na magtataguyod sa kanilang interes at karapatan.

Sa wastong pagdidirehe ng Partido Komunista ng Pilipinas, matapang na bibiguin ng mamamayang Pilipino ang iba't ibang senaryo na inihahanda ni Duterte para palawigin ang kanyang taksil, korap, mamamatay-tao at pasistang rehimen. 🅺

# Demolisyon sa Patungan, tuluy-tuloy na binibigo ng mga residente




Sa pangunguna ng Save Patungan Now Movement, matagumpay na pinigilan ng mamamayan ang marahas na demolisyon sa Brgy. Patungan, Maragondon, Cavite noong Enero 13. Halos isang dekada na ang kanilang pakikibaka para sa karapatan sa panirikan at kabuhayan laban sa pangangamkam ng lupa ng malalaking kapitalista at panginoong maylupa upang gawing pook-ekoturismo ang lugar.

Gayunman, apat na residente ang nasugatan mula sa tama ng bala. Mas marami pa ang nasugatan mula sa marahas na dispersal, habang anim, kabilang ang isang buntis, ang iligal na inaresto at idinetine.

Walang-awang pinagbabaril ng umaabot sa libong pinagsanib na armadong *goons* ng Seraph Security Agency, PNP, Bureau of Fire Protection, Philippine Air Force, Marines at *demolition teams* ang mga residenteng nagbarikada upang ipagtanggol ang kanilang lupa.

Ang magkasabwat na Maria Theresa Virata (MTV) Realty Corp. at Manila Southcoast Development Corp. (MSDC) na pagmamay-ari ni Sy at kilalang kroni ni Duterte ang nasa likod ng pangangamkam ng lupa sa Patungan. Kasabwat nila ang reaksyunaryong korte at lokal na gubyerno upang mas mapadulas ang imbing pagpapalayas sa higit 214 pamilya ng mga magsasaka at mangingisda na deka-dekada nang naninirahan sa lugar.

Ayon kay Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST, "Dapat pagbayarin ang mga salarin sa madugong demolisyon sa Brgy. Patungan. Sampahan ng kaso ang mga sangkot na pulis at *goons.* Samantala, patuloy na sisingilin ng demokratikong gubyernong bayan ang malalaking burgesya komprador at panginoong maylupa sa kanilang krimen sa mamamayan. Sa pagtatagumpay ng rebolusyon, pananagutin ng bayan ang mga gahamang katulad ni Sy at pasistang si Duterte." 🅺

# Ang sistemikong pananalasa ng mga otoritaryang partido sa Pilipinas




Hindi mapasubalian ang kabulukan ng reaksyunaryong pulitika sa itinatakbo ng eleksyong 2022. Kandidato sa pagkapresidente si Bongbong Marcos (BBM), ang *unico hijo* ni Ferdinand Marcos Sr. na nagpataw ng 14-taong malagim na Martial Law. Tumatakbo bilang kanyang bise-presidente si Sara Duterte-Carpio, ang tagapagmana ni Rodrigo Duterte na pinuno ng kasalukuyang *civilian-military junta* sa bansa. Inihuhudyat ng pagsasanib ng dalawang angkang pinakamasahol, korap, pasista at papet ng US ang nagbabadyang panunumbalik ng diktadurang ibinasura ng mamamayang Pilipino noong 1986.

Pinatutunayan ng mga kaganapang ito na peke ang demokrasya sa pulitika sa bansa taliwas sa ipinamamarali ng reaksyunaryong estado. Bagamat tagumpay ang pagpapatalsik kay Marcos Sr., nananatiling makapangyarihan ang mga alipures niyang nagtaguyod sa diktadurang US-Marcos at nakapanumbalik sa kapangyarihan sa pamamagitan ng mga itinayong otoritaryang partido na matahimik na nagbuo ng baseng tagasuporta sa kanilang saklaw ng impluwensya at gumapang paakyat sa tuktok ng pambansang pulitika.

**Pagkilala sa mga otoritaryang partido**

Ang mga otoritaryang partido ay mga partidong sumusuporta sa kamay-na-bakal na paghahari at nagtataguyod ng diktadura. Hindi kailangan ng hayagang diktadura para umiral ang mga partidong gaya nito. Matapos kumpunihin ang huminang impluwensya, matahimik na nagpalakas ang mga oligarkong angkan na kapanalig ng mga Marcos, ipinwesto ang sarili sa mga halal na pusisyon sa antas bayan, lungsod at sa mga distritong kongresyunal upang bawiin at muling mamayagpag sa pambansang pulitika. Sumakay ito sa pulitika ng sistemang padrino. Nakipag-alyansa sa mga naluklok na presidente sa bansa hanggang sa muling maghari sa panahon ng rehimeng Duterte.

Noong panahon ng diktadurang US-Marcos, pangunahing otoritaryang partido ang Kilusang Bagong Lipunan (KBL) na itinayo ng matandang Marcos upang ikonsolida ang kapangyarihang pampulitika habang may Martial Law. Sumapi sa KBL ang mga pulitikong haligi ng pinakamalalaking burges na partido sa bansa noon, ang Nacionalista Party (NP) at Liberal Party (LP). Dinaya ng KBL ang mga eleksyon at pinatatag ang sari-sariling kaharian ng mga dinastiya.

Hindi maihihiwalay ang KBL sa *conjugal* na diktadura nina Imelda at Ferdinand, kaya't nalusaw rin ito matapos ang People Power ng 1986. Lumipat ng ibang partido o di kaya'y bumuo ng bagong partido ang mga pinuno at kilalang personahe ng KBL upang umiwas na madamay sa mabahong pangalan ng mga Marcos at makapwesto sa poder na naiwan ng diktador.

Isa ang NP sa mga partidong nagtangkang bumangon, humina lamang ito bunsod ng pagkakahati sa mga paksyon—Laurel, Enrile, Ople at Rodriguez-Danding Cojuangco. Sa huli, ang kinilala ng korte na NP ay ang paksyong Laurel. Bumaklas naman ang paksyong Rodriguez-Cojuangco at itinatag ang Nationalist People's Coalition (NPC) na nagbitbit sa kandidatura ni Danding sa pagkapresidente noong 1992.

Tuloy ang pagpapapagamit ng NPC at NP sa mga Marcos pagkatapos ng Pag-aalsang EDSA. Dinala ng NP ang kandidatura sa pagkasenador ng magkapatid na Bongbong (2010) at Imee Marcos (2019). Sinuportahan naman ng NPC bilang *guest candidate* si Imee Marcos noong 2019 *midterm elections.*

Tulad ng pagpanig sa mga Marcos, suportado ng NPC at NP si Duterte na bagong nag-aambisyong diktador. Hawak ng mga Villar—kilalang kroni ni Duterte—ang NP habang presidente naman ng NPC ngayon si Vicente "Tito" Sotto III na pumasok sa alyansa sa Partido Reporma ni Panfilo Lacson sa ilalim ng National Unity Party (NUP). Binuo ang NUP mula sa humiwalay sa Koalisyong PDP-Laban na nagmula sa LAKAS-Kampi at CMD.

**Pagkopo sa pulitika hanggang ngayon**

Malinaw ang otoritaryang pagkiling ng PDP-Laban ngunit nagsimula itong nakahanay sa mga tutol sa diktadura. Sa pamamagitan ng talamak na pagpapalit-partido at oportunismo, pinasok ng mga kampon ni Marcos ang PDP-Laban at iba pang sumulpot na partido matapos ang Pag-aalsang EDSA.

Itinayo ng kritiko ni Marcos at dating Senador Aquilino "Nene" Pimentel ang PDP-Laban para dalhin ang kandidatura ni Corazon Aquino sa pagkapangulo subalit humina ito bunsod ng paksyunalismo ni Peping Cojuangco. Itinayo naman ni Peping ang Laban ng Demokratikong Pilipino (LDP) na haluan ng mga dating miyembro ng KBL at ilang tagasuporta ni Aquino.

Naging minoryang partido ang PDP-Laban hanggang 2004, nang muli itong sumama sa Koalisyon ng Nagkakaisang Pilipino (KNP) para itaguyod ang kandidatura sa pagkapangulo ni Fernando Poe Jr. laban kay Gloria Arroyo. Binubuo ang KNP ng LDP ng pangkating Angara, Partido ng Masang Pilipino (PMP) na itinatag ni Joseph Estrada at PDP-Laban ni Nene Pimentel. Nagsama sa tiket ni FPJ sa senado ang matatapat na alagad ni Marcos na sina Juan Ponce Enrile, Alfredo Lim, Salvador Escudero at Francisco Tatad, at ang masugid na anti-Marcos na si Pimentel.

Sa kabilang panig, nasa likod ni Arroyo ang LAKAS-CMD na itinayo ni Fidel Ramos para sa kanyang kandidatura noong 1992. Kaanib din ng LAKAS-CMD ang mga kilalang alyado ng mga Marcos, kabilang ang mga Romualdez na pamilya ni Imelda.

Halos mawala sa pambansang entablado ang PDP-Laban ngunit pagdating ng 2016, aakyat ito sa kapangyarihan sa pagpwesto ng manok nitong si Rodrigo Duterte sa Malakanyang. Gaya ng naganap noong Martial Law, nakonsolida ng PDP-Laban ang kapangyarihan sa reaksyunaryong gubyerno. Sa pangunguna ni Duterte at PDP-Laban, binuo ang huwad na Coalition for Change kasama ang LAKAS-CMD, NPC, NP at NUP. Nakopo nito ang supermayorya na katumbas ng 260 sa 290 kinatawan sa Kamara. Ang kapulungang ito ang nagsilbing *rubber stamp* ng mga pasista at kontra-mamamayang patakaran lalo ng Anti-Terrorism Law ng rehimeng Duterte.

Samantala, ang dating nakalaban ng PDP-LABAN na LAKAS-CMD ang siya namang nagtataguyod sa kandidatura ng anak ni Rodrigo Duterte na si Sara. Sumapi si Sara sa LAKAS-CMD at tumakbong bise-presidente ni BBM sa pag-uudyok ni Arroyo. Itinataguyod nila ang tambalang BBM-Sara Duterte-Carpio sa pangangarap na itatag ang walang sagkang paghahari ng paksyong Marcos-Arroyo-Duterte (MAD).

**Itakwil ang mga patron ng diktadura**

Ang mga kondisyon para sa pamamayani at pamamayagpag ng mga otoritaryang partido ay nilikha ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Tuta ng imperyalismo ang lokal na naghaharing uri na malalaking burgesya kumprador-panginoong maylupa't mga burukratang kapitalista na siyang kumokontrol sa pulitika ng bansa. Itinatayo ang mga partido sa batayan ng makasariling interes at pagkagahaman sa poder at yaman, hindi sa pampulitikang paninindigan.

Dahil sistemiko ang ugat ng problema, hindi nagtatagal ang mga partidong nagpapanukala ng mga burges na reporma. Nilalamon din ang mga ito ng mga kampon ng diktadura na bantog na mga oportunistang naglilipat-bakod tungo sa kung sinuman ang may hawak sa poder. Sila ang kaibuturan ng pagiging tradisyunal na pulitiko—balimbing, ganid at huwad.

Kung kaya, ang mga kakamping burukrata ng mga Marcos at Duterte ay pulos galing sa mga dinastiya sa pulitika at pamilyang may monopolyo sa lupa at mahahalagang rekurso ng bansa. Wala silang alinlangang nakikipagtulungan sa mga pasistang tulad nina Marcos at Duterte dahil nangangahulugan ito ng pananatili sa kapangyarihan at ibayo pang pagpapayaman.

Ang pamamayagpag ng mga otoritaryang partido at mga patron ng diktadura ay rurok ng pagkabulok ng pulitika sa Pilipinas. Malawak ang pagtuligsa sa tambalang BBM-Sara Duterte-Carpio at mga maniobra ng demonyong alyansang MAD. Nalalantad ang kahungkagan ng pangakong pagbabago sa pamamagitan ng reaksyunaryong eleksyon. Upang ganap na puksain ang salot na burukrata kapitalismo at ang nabubulok na sistemang malakolonyal at malapyudal, kailangang ipagtagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng armadong pakikibaka upang mapasakamay ng mamamayan ang tunay na kapangyarihan sa pulitika. K

***... matahimik na nagpalakas ang mga oligarkong angkan na kapanalig ng mga Marcos, ipinwesto ang sarili sa mga halal na pusisyon sa antas bayan, lungsod at sa mga distritong kongresyunal upang bawiin at muling mamayagpag sa pambansang pulitika... Nakipag-alyansa sa mga naluklok na presidente sa bansa hanggang sa muling maghari sa panahon ng rehimeng Duterte.***

# Hegemonya at geopulitikal na interes ng US sa Silangang Europa at Indo-Pasipiko

Bunsod ng lumalalang krisis sa daigdig at paghahabol ng mga imperyalistang kapangyarihan sa pagkamal ng tubo, ibayong umiigting ang kumpetisyon sa pagitan ng US, Russia at China para sa kanilang geopulitikal na interes sa daigdig. Agresibong nagpapalawak at binabantaan ng US at NATO ang seguridad ng Russia, nagtatayo ng mga baseng militar sa mga bansang dating nasa bloke ng Unyong Sobyet sa Silangang Europa at nagdideploy ng mga misayl sa tarangkahan ng Russia. Samantala, hinahamon naman ng US at mga kapanalig na bansang bumubuo ng QUAD at AUKUS ang pagpapalawak ng China sa Indo-Pasipiko.

**Ekspansyon ng NATO sa hangganan ng Russia**

Sapul nang gumuho ang Unyong Sobyet at bumagsak ang mga rebisyunistang rehimen sa Silangang Europa, agresibong nagpalawak ng impluwensya ang US at North Atlantic Treaty Organization (NATO) papalapit sa hangganan ng Russia. Sinamantala ng US at NATO ang pagbagsak ng Unyong Sobyet at mga bansang kabilang sa Warsaw Pact upang ipaloob sa alyansang militar ang mga bumagsak na rebisyunistang rehimen (Poland, Slovakia, Hungary, Romania) at mga estadong nagdeklara ng paghihiwalay sa Unyong Sobyet tulad ng mga estado sa Baltic (Lithuania, Latvia at Estonia) upang bantaan ang seguridad ng Russia.

Noong 1989, inudyukan ng US ang mga demonstrasyon sa Prague at ang Velvet Revolution sa Czechoslovakia na nagbagsak sa rebisyunistang rehimen at pagkalusaw ng Federation of Czechoslovakia tungong nagsasariling bansang Czech at Slovakia. Nagsagawa rin ang US at NATO ng mga pailalim at lantad na interbensyong pulitikal at militar para suportahan ang mga separatistang etnikong grupo at paypayan ang mga gerang etniko upang hati-hatiin ang dating Socialist Federal Republic of Yugoslavia sa nagsasariling mga republika: Serbia, Montenegro, Croatia, Slovenia, Bosnia-Herzegovina at Macedonia.

Sa kasalukuyan, ginagatungan ng US at NATO ang tensyong militar sa paglulunsad ng mga ehersisyong militar at operasyong panghimpapawid sa mga bansang kahanggan ng Russia. Nauna pa rito, inalok ng NATO ang Ukraine at Georgia na maging kasapi nito para maging "lehitimo" ang presensya ng mga pwersa ng NATO sa dalawang bansa.

Ang planong ipaloob sa NATO ang Georgia at Ukraine ang ikalima nang bugso ng pagpapalawak ng US at NATO patungo sa tarangkahan ng Russia. Kahit hindi pa kasapi ng NATO, nagsasagawa ang US at NATO ng probokasyon laban sa Russia sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga tagapayong militar sa Ukraine. Lihim na pinoponduhan ng US at NATO ang mga ipinadadalang mersenaryo sa Donbass laban sa mga separatistang hukbong *pro*-Russia.

Ang mga probokasyon at ginagawang pagpapalawak ng US at NATO sa hangganan ng Russia ay lumalabag sa prinsipyo para sa mutwal na garantiyang panseguridad sa hangganan ng mga bansa sa Europa at sa Kasunduang Minsk ng 2015. Bilang reaksyon, ipinakat ng Russia ang tinatayang 145,000 tropa sa hangganan sa Ukraine. Ang mga tropang ito ay sapat para isagawa ang tuwirang agresyon ng Russia sa Ukraine. Nagpakawala rin ito ng misayl matapos maglayag ang barkong pandigma ng UK sa Black Sea, malapit sa Crimea kung saan sinuportahan ng Russia na humiwalay sa Ukraine at pumailalim sa kontrol nito mula 2014.

Gumastos ang US ng $2.5 bilyon para sa ayudang militar nito sa Ukraine na may *high-tech surveillance equipment*, armadong barkong pampatrulya at *javelin anti-tank systems*. Nagbenta rin ang US dito ng $20 milyong halagang proyekto para sa *video recording systems, drones* at *personal protective equipment* ng mga gwardya sa hangganan sa Russia. Ngayong buwan, kinumpirma ng US na nakapagsara ito ng $450 milyong *arms and security package* sa Ukraine.

Kahit matapos ang pag-uusap sa pagitan nina US President Joe Biden at Russian President Vladimir Putin, hindi maresolba ang tensyon sa Ukraine. Nagbanta si Biden na papatawan ang Russia ng pinakamabigat na sangsyon at parusang pang-ekonomya kapag sinalakay ng huli ang Ukraine. Samantala, iginiit ni Putin na itigil ng NATO ang pagpapalawak sa kanilang hangganan at iatras ang imbitasyon sa Georgia at Ukraine. Sa kabila nito, patuloy na nagtuturuan ang dalawang pinuno. Inakusahan ni Biden na mananalakay ang Russia sa Ukraine habang inilantad ni Putin na layon ng US na mang-upat ng *proxy war* sa Silangang Europa.

**Pagbakod sa Taiwan laban sa China**

Tumitindi rin ang gitgitan ng US at China sa rehiyong Indo-Pasipiko na masasalamin sa ginagawang pambabakod ng US sa Taiwan at paparaming aktibidad nito sa Indo-Pasipiko. Dumarami ang mga operasyong pandagat ng US sa rehiyon sa tabing ng "kalayaan sa paglalayag" para pigilan ang agresibong postura ng China sa rehiyon. Noong 2021, halos buwan-buwan ang inilulunsad na ekspedisyon ng US Navy katuwang ang iba't ibang kaalyadong bansa sa rehiyon. Nitong Enero 26, nagsagawa

ng limang araw na *naval drill* sa Spratly Group of Islands ng South China Sea (SCS) ang USS Carl Vinson at USS Abraham Lincoln na nilahukan ng 14,000 pwersang Amerikano. Nito lamang, inaprubahan ng gubyerno ng US ang pagpopondo sa Pacific Deterrence Initiative na naglalayong bakuran ang China kung saan papalibutan ang huli ng mga armas, base at pwersang US. Tinatawag itong "First Island Chain" kung saan kabilang ang hilagang bahagi ng Pilipinas, Taiwan at Okinawa sa mga *chain* nito.


Tinugon naman ito ng China ng paglulunsad ng sarili nitong *naval drill*, dalawang *four seas war games* sa rehiyon at pagdeploy ng 39 *fighter jet* sa Air Defense Identification Zone (ADIZ) ng Taiwan, ang pinakamalaking bilang na *deployment* mula Oktubre 2021. Noong Disyembre 2021, naglunsad ang China ng mga pagsasanay sa pambobomba, pamumutok at pagtatanim ng mga mina sa SCS at Taiwan Strait upang kontrahin ang US at mga kaalyado nito.

Nagpapatuloy ang mga lihim na *naval deployment* ng US sa rehiyon lalo sa Taiwan. Tinatayang mas maraming ipinakat na barkong pandigma ang US noong 2021 kumpara sa nakaraang mga taon. Pinalalakas nito ang mga alyansa sa iba't ibang mga bansang kaagaw ng China sa SCS katulad ng Pilipinas. Pinatatatag at pinabibilis ng US ang konstruksyon ng mga base militar sa Pilipinas, Taiwan, Guam, Australia at iba pa. Nagtayo rin ito ng mga bagong alyansang militar tulad ng Quadrilateral Security Dialogue o QUAD (US, UK, India at Japan) at AUKUS (Australia, UK at US).

Pinalalakas ng US ang pwersa nito sa Indo-Pasipiko para ipagtanggol ang sariling interes sa rehiyon. Nababahala ang US sa tinamong pag-unlad ng China bilang ikalawa sa pinakamalaking ekonomya sa daigdig at nangunguna ngayon sa iba't ibang larangan ng teknolohiya. Nais pigilan ng US ang pag-abante ng China sa teknolohiyang *semiconductor* sa pamamagitan ng ibayong pagpapalakas ng ugnayang militar at presensyang militar sa Taiwan, ang pinakamalaking prodyuser ng mga pyesang elektroniko sa daigdig.

Malaon nang mahigpit na magkaalyado ang Russia at China na nagtayo na ng alyansang militar na Shanghai Cooperation Organization at mga alyansang pang-ekonomya kasama ang iba pang mga bansa para kontrahin ang mga maniobra at paghihiwalay na ginagawa ng US at mga kaalyado nito. Patuloy na umiigting ang tensyon at lumalaki ang posibilidad ng komprontasyong militar o gera ng mga imperyalista sa Silangang Europa at Asya-Pasipiko. Pinapaypayan ng US at mga imperyalista ang mga rehiyunal na kaguluhan para tuluy-tuloy na kumita ang kani-kanyang *military industrial complex.*

Sa kasalukyan, ang US, Russia at China ang nangunguna at nagpapaligsahan sa pagpapaunlad ng mataas na teknolohiyang armas kagaya ng *hypersonic missile* at pinakamabilis na *stealth fighter jets.* Aabot sa $778 bilyon ang nagastos ng US sa depensa (39% ng kabuuang paggastang militar sa buong daigdig noong 2020) habang $252.3 bilyon sa China at $62 bilyon sa Russia. Pinabibilis ng mga ito ang produksyon ng matataas na teknolohiyang armas at kagamitang pandigma ng kanilang industriyang militar upang patuloy na pigilan ang pagbulusok ng kanilang ekonomya na patuloy na nililigalig ng krisis ng monopolyo kapitalismo at ng pandemya. K



**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Ano ang pagsusuri ng rebolusyonaryong kilusan sa patakarang bawal lumabas ang mga hindi pa bakunado?

Iligal, labag kahit sa mata ng burges na Konstitusyon ng 1987, hindi makatao, pasista at matindi ang diskriminasyon ng mga ipinataw ng rehimeng Duterte na *'no vax, no ayuda', 'no vax, no work', 'no vax, no labas', 'no vax, no sakay'* at iba pang katulad na polisiya sa bansa. Wala itong pinagkaiba sa mga nauna nang palpak, anti-mamamayan at militaristang tugon ni Duterte sa pandemya. Dapat lang labanan ng sambayanan ang mga patakarang ito habang iginigiit ang siyentipiko at makataong solusyon sa pagharap sa pandemya.

Totoong kinakailangan ang pagpapabakuna sapagkat ito'y produkto ng syensya at dumaan sa masusing pananaliksik ng mga dalubhasa sa medisina upang sansalain ang COVID-19 at iba pang mga nakahahawa at nakamamatay na sakit sanhi ng iba't ibang klaseng mga *virus*. Ganunpaman, ang pagpapabakuna ay hindi dapat pwersahan sa puntong nasisikil na ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan. Ang kailangan ay malawakang edukasyon at pagpapaunawa sa mamamayan hinggil sa kahalagahan at bisa ng bakuna laban sa COVID-19 upang sila'y kusang-loob na magpabakuna. Nagawa na at patuloy pang ginagawa ng rebolusyonaryong kilusan ang malawakang edukasyon at kampanya upang hikayatin laluna ang mga masang magsasaka at pambansang minoryang nasa mga liblib na lugar para magpabakuna.

Ngunit sa halip na bigyan ng mabilis na akses sa pagpapabakuna ang taumbayan, lalo na yaong naninirahan sa malalayong kanayunan at kabundukan, kawalang puso at pagkakait ng malasakit ang tugon ng rehimen. Pagbabanta at pananakot ang ipinapataw sa mamamayan lalo sa mga maralita, manggagawa at magsasaka na hindi na nga makapaghanapbuhay bunsod ng pagbabawal na lumabas ng mga hindi bakunado.

Malakas ang loob ng rehimen na magpatupad ng kahalintulad na mapanupil na patakaran gayong nahuhuli, puno ng kapalpakan at napakabagal ng programa nito para sa pagbabakuna. Ni hindi nito kinikilala ang mga konsiderasyong medikal sa mga indibidwal na may taglay na mga karamdaman tulad ng *allergy* at iba pang may kaugnayan sa *autoimmune* gayundin ang pagbalewala sa ilang paniniwalang panrelihiyon. Hindi rin naging pantay ang akses ng mga rehiyon at probinsya sa bakuna.

Bigo ang rehimen na maabot ang target nitong populasyon na mabakunahan noong 2021. Katunayan, nangungulelat ang Pilipinas sa buong Timog Silangang Asya hindi lamang sa programang pagbabakuna, kundi sa pagtugon mismo at pagharap sa pandemya.




Ang totoo, nais ni Duterte na itago ang kapabayaan ng kanyang rehimen sa naging inutil na pagharap sa pandemya at sa sektor ng kalusugan. Walang kahihiyang ibinubunton niya sa mamamayan ang sisi sa mababang resulta ng mga nagpapabakuna at muling pagsirit ng mga kaso ng COVID-19 sa paglaganap ng Omicron *variant.* Sa likod ito ng katotohanang kapos ang suplay ng bakuna at iba pang kagamitan sa pagbabakuna, mabagal ang *roll-out* at nasisirang bakuna sa imbakan. Hindi rin naglaan ang gubyernong Duterte ng sapat na pondo sa pagbili ng bakuna at labis na nakaasa sa mga pautang at 'donasyon' mula sa mga imperyalistang bansa. Idagdag pa rito ang punung-puno ng anomalyang transaksyon sa pagbili ng iba pang mga kagamitan bukod sa bakuna tulad ng mga PPE, *face mask* at *face shield* na ginawa namang gatasan ng mga kroni ni Duterte.

Dagdag pa, halos paso at malapit nang mapaso ang natatanggap na bakuna ng Pilipinas mula sa mga kapitalistang bansa. Kasinungalingan ang ipinagyayabang ng IATF na titiyakin nitong hindi pa napapaso ang mga makukuhang bakuna. Noong Disyembre 2021, naiulat na malapit nang mapaso ang mga dumating na bakunang Moderna, Pfizer at AstraZeneca. Upang magamit pa ang mga ito, pinalawig ng DOH ang *expiration date* nang 3-6 buwan.

Bahagi ng kapalpakan ng rehimen ang kawalang kakayahan nitong lumikha ng sariling bakuna. Labis na nakaasa ang bansa sa mga

bakunang likha ng mga imperyalista lalo ng US at China. Monopolisado ng mga kumpanyang *pharmaceutical* ng mga imperyalistang bansang ito ang mga pag-abante sa pananaliksik sa siyensya at medisina, teknolohiya at pagmamanupaktura ng mga gamot at bakuna. Kaya para sa mga ito, naging ginintuang pagkakataon ang pandemyang likha ng COVID-19 para tumabo ng kita sa pagkokonsentra ng produksyon ng mga bakuna at pagkontrol sa presyo nito sa harap ng mataas na *demand* ng mamamayan ng daigdig para rito. Katunayan, ang 60% na pagtaas ng kita ng Pfizer noong 2021 ay mula sa pagbebenta ng bakuna kontra COVID-19.

Umiigting ang kompetisyon ng mga kumpanyang *pharmaceutical* sa paggawa ng bakuna kahit sa harap ng pagsulpot ng mga bagong *variant* ng COVID-19. Laganap ang paninira at ribalan ng mga kumpanya sa kalidad ng kani-kanilang mga bakuna habang malaki ang kakapusan sa pagpapaunlad ng mga ito sa kumakalat na iba't ibang *variant*. Halimbawa, sa pagsulpot ng Omicron, nabigyan ang mga siyentista ng mga ebidensya na may kakayahan ang COVID-19 na lampasan ang mga bakuna sa pamamagitan ng bagong *mutations*. Ipinakita sa resulta ng isang pag-aaral na mababa ang epektibidad ng mga bakuna ng Moderna, Pfizer, AstraZeneca at Johnson & Johnson laban sa Omicron.

Gayunman, sa kabila ng lahat ng ito, hindi maitatanggi ang kahalagahan ng pagbabakuna laban sa COVID-19. Batay sa pananaliksik, mayroong dagdag na pananggalang ang mga bakunado kumpara sa mga hindi pa nababakunahan. Ngunit bukod sa kakayahan ng mga bakuna, mahalaga pa ring magpatupad ng mga *standard health protocol* na di kailangang pwersahan sa militaristang paraan. At para higit na maging madulas at malaganap ang pagharap at pagsugpo sa COVID-19, igiit ng sambayanan ang libreng *mass testing*, malaganap na *contact tracing*, pagbibigay ng makatarungang kompensasyon at ayuda sa mamamayang apektado ng pandemya at wakasan ang militaristang tugon sa pandemya.

Kailangang ipaglaban ng sambayanang Pilipino ang siyentipiko at makataong pagharap sa pandemya upang mapigilan ang ibayo pang paglaganap ng sakit. Abante ang praktika ng mga bansang China, Cuba at Vietnam sa pagharap at pagsugpo ng COVID-19 kaya maaaring matuto tayo sa ginawa nilang sistema. Bukod sa *lockdown,* ipinatupad ng mga bansang ito ang *mass testing*, libreng pamamahagi ng mga *face mask* at iba pang kagamitang pangkalinisan at maayos na sistema ng *contact tracing*. Namahagi rin sila ng ayuda habang naka-*lockdown* kaya hindi naging mabigat sa mamamayan ng kanilang bansa ang pagsunod sa mga patakarang ipinatupad para mapigilan ang paglala ng nakamamatay na COVID-19. Ang isinagawa nilang kampanya sa malawakang edukasyon ay humikayat sa kanilang mamamayan para makuha ang kooperasyon sa mga ipinatutupad na hakbangin. K

## KITA NG MGA KUMPANYANG PHARMACEUTICAL SA PAGGAWA NG BAKUNA HABANG PANDEMYA

| *Kumpanya* | *Bansa* | *Kita (Bilyon)** | *Tantos ng Paglago (%)*** |
|---|---|---|---|
| GlaxoSmithKline | US | $8.53 | 14.65 |
| Merck & Co | US | $13.2 | 20.0 |
| Sanofi | France | $12.1 | 10.1 |
| Pfizer | US | $7.7 | 130 |
| Johnson & Johnson | US | $3.66 | 3.18 |
| AstraZeneca | UK | $1.47 | - 41.09 |
| Sinopharm | China | $1.25 | 38.0 |
| Sinovac*** | China | $8.6 | 94.2 |

**Ikatlong kwarto ng 2021*
***Netong paglago simula noong nakaraang taon*
****Hanggang ikalawang hati ng 2021*

*Sanggunian:*
*www.fortune.com*
*www. macrotrends.net/stocks/charts*
*www.marketwatch.com/press-release/sinovac-reports-unaudited-first-half-of-2021-financial-results-2021-12-30*


DAGITAB

LATHALAIN PAMPANITIKAN AT SINING NG ARTISTA AT MANUNULAT NG SAMBAYANAN - TIMOG KATAGALUGAN

May alam ka bang natatanging karanasan ng pakikibaka laban sa pasismo? Kung meron, gawin na itong likhang sining at ipasa sa DAGITAB!

Mag-ambag ng maikling kwento, sanaysay, tula, dula, awit, dibuho, komiks, litrato at iba pang anyo ng sining para sa DAGITAB 2020-2021 na may temang **"Ang mukha ng pasismo ng estado ng rehimeng US-Duterte sa mata ng nakikibakang mamamayan at ang pangangailangang wakasan ito."** Isumite ang inyong mga obra sa balangay ng ARMAS-TK o Pulang Bandila ng BHB. Mag-email sa st.kalatas@gmail.com para sa mga katanungan.

ARMAS-TK

#NeverAgain

# Pamilyang Marcos, salarin sa pinakamalaking pagnanakaw ng isang gubyerno sa kasaysayan ng daigdig

*Inakusahan ang mga Marcos ng rebisyunismo, pinapalitan daw namin ang nangyari sa kasaysayan. Sino ang nagsasagawa ng rebisyunismo? Nilagay nila sa libro ng mga bata na ang mga Marcos ganito ang ninakaw, ganito ang ginawa. Ngayon lumalabas sa korte, hindi totoo ang lahat ng sinabi ninyo, dahil hindi ninyo naipakita.*


*— Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr.*
*National Press Club of the Philippines, Enero 10, 2020*[1]

Hindi pa napapantayan ang rekord ni Ferdinand Marcos sa dambuhalang kayamanang ninakaw at kinulimbat niya, ng kanyang pamilya at mga kroni. Nilampaso at walang sinabi ang *kleptocracy*[2] ni Suharto sa Indonesia, ni Mobuto ng Zaire, Duvalier ng Haiti at iba pang korap na mga pangulo sa daigdig sa laki ng kanyang ninakaw. Inilarawan din ito bilang pag-iral ng *crony capitalism*[3] kung saan "ang mga kroni ay lalong yumayaman, ang mahirap lalong naghihirap."

Hindi ito makakalimutan lalo at nakatala ang pandarambong ni Marcos sa Guinness World Records bilang pinakamalaking pagnanakaw ng isang gubyerno sa buong kasaysayan ng daigdig. Umabot sa halos $10B ang ninakaw ni Marcos at kanyang mga kroni mula 1965-1986—panahong itinuturing ng sambayanang Pilipino na pinakamalala ang korapsyon, pang-aabuso at kahirapan.

Kinopo ng mga kroni ni Marcos, kabilang ang tinatawag na "Octopus Gang" na binubuo nina Juan Ponce Enrile, Roberto Benedicto, Antonio Floreindo Sr., Rodolfo Cuenca, Eduardo Cojuangco, Lucio Tan, Ricardo Silverio at Roberto Ongpin ang sektor ng ekonomya. Dinomina nila ang *cash crops,* manupaktura, *financial services* at *construction*, at inorganisa ang mga ito bilang mga monopolyo at mala-monopolyo. Ang kanilang kasakiman at walang sagkang kontrol sa mga institusyong pinansyal ng gubyerno ang ugat ng malalang krisis sa ekonomya sa bansa noong maagang bahagi ng dekada 1980.

Anumang pagmamalinis ng pamilyang Marcos sa pangunguna ni Imelda, hindi maikubli ang nagdudumilat na katotohanan ng napakalaking halaga ng kayamanang naipon nila sa loob ng 21-taong paghahari. Tinatayang aabot sa $5-10 bilyon o katumbas ng P253-506 bilyon ang pinagsama-samang nakaw na yaman ng pamilyang Marcos sang-ayon sa deklarasyon ng Korte Suprema at maging ng World Bank. Napakalayo nito sa $304,372.42 o katumbas ng P7,609,310.50[4] na idineklara bilang tanging kinikilalang ligal na kita ng mag-asawang Marcos mula 1965 hanggang 1985. Anumang lalampas sa ligal na kitang ito ay *ill-gotten wealth* o simpleng nakaw na yaman.




### Saan nagmula at saan itinago ang nakaw na yaman ng mga Marcos?

Ang mga nakaw na yaman ng mga Marcos ay nagmula sa mga kikbak sa mga kontrata ng gubyerno, pagkaltas sa mga ayudang internasyunal, pagnanakaw ng ginto mula sa Bangko Sentral, pagkaltas sa mga utang sa pandaigdigang institusyon, mula sa mga ayudang militar, at maging sa pondong nagmula sa reparasyon ng Japan bilang bayad-pinsala sa pananakop nito sa bansa noong World War II at iba pang maruruming taktika.

Lalo pang nabigyang-laya at nakabwelo ang sistematikong pangungulimbat at pagnanakaw ng mga Marcos matapos ipataw ang Martial Law noong 1972 kung saan nakopo ni Marcos Sr. ang buong kapangyarihang pang-estado. Maya't maya ang pagdeposito sa 138 *bank accounts* sa loob at labas ng bansa. Ilan lamang dito ang Swiss Bank *accounts* ($658 milyon) at ang $2 milyon na dineposito sa isang Merill Lynch *account* na pag-aari ng Arelma Inc., isang Panamanian Shell Company na itinayo sa pangalan ni Marcos.

Ginamit din ni Marcos ang kanyang mga kamag-anak, kaibigan, at kaalyado sa pagtatago ng yaman. May nakatagong yaman sa higit 196 kumpanyang nakapangalan sa kanyang mga kroni na nagmula sa higit 45 pamilya. Ang mga ito ay nasa iba't ibang larangan ng pagnenegosyo,

mula agribisnes, bangko, mina at langis, *real estate* at *construction*, telekomunikasyon at iba pa.

Liban pa rito ang napakagarbong pamumuhay ng pamilyang Marcos—pagpapatayo at pagbili ng napakaraming mansyon sa loob at labas ng bansa, mamahaling mga sasakyan tulad ng yate, eroplano, *helicopter* at kotse, mamahaling *paintings*, alahas at iba pang luho ng asawang si Imelda tulad ng isang araw na *shopping spree* sa New York na gumastos ng $3 milyon. Huwag nang banggitin pa ang 3,000 pares ng sapatos na sobra pa para sa walong taong paggamit na hindi kailangang mag-ulit!

**Ang paghahanap at pagbawi**

Mula nang mapatalsik si Marcos ng mamamayang nagbunsod ng Pag-aalsang EDSA noong Pebrero 1986, hinabol at pinanagot ng sumunod na rehimeng Cory Aquino ang mga krimen ng pamilya kabilang ang pagnanakaw sa kaban ng bayan. Itinayo ang Presidential Commission on Good Government (PCGG) para pokusan ang pagbawi sa mga ito. Kinumpiska ang ilang pag-aari ng mga kroni ni Marcos, ngunit hanggang sa kasalukuyan, 35 taon na ang nakalilipas, wala pang kalahati ng tinatayang halaga ang nababawi ng reaksyunaryong gubyerno. Sa pagtatapos ng 2020, nasa $3.7 bilyon o P170 bilyon pa lamang ang kabuuang halagang nababawi ng ahensya mula sa pinagsama-samang limang Swiss Bank *account, asset* ng anim na kumpanya ng mga kroni ni Marcos, malaking bahagi ng pondong *coco levy,* at napagbentahan ng mga nakumpiskang *painting,* alahas, *silver* at ilang mansyon. Patuloy pang hinahabol ng PCGG ang karagdagang P125.9 bilyon.

Maging ang mga desisyon ng iba't ibang korte para singilin ang pamilya ng bayad-pinsala sa mga biktima ng pagpatay at iba pang paglabag sa karapatang tao ay hindi nila sinusunod. Wala pang 1% ng hinihinging $2 bilyon ang nabayaran.

Hinahabol rin ng korte ang pamilyang Marcos sa P23 bilyong hindi binayarang buwis sa ari-arian na lumobo na ngayon tungong P203 bilyon sang-ayon sa Bureau of Internal Revenue.

> ***Ang masakit na katotohanan, wala pang nagbayad ni napanagot sa lahat ng mga krimen ni Marcos at ng kanyang pamilya, at patuloy silang nagtatamasa ng kayamanan at kapangyarihan.***

Ang masakit na katotohanan, wala pang nagbayad ni napanagot sa lahat ng mga krimen ni Marcos at ng kanyang pamilya, at patuloy silang nagtatamasa ng kayamanan at kapangyarihan. Noong Setyembre 1993, sinentensyahan si Imelda Marcos ng 18-taong pagkakakulong dahil sa kaso ng panlilinlang *(defrauding)* sa estado hinggil sa isang kasunduan sa lupa habang nakaupo ang asawa sa kapangyarihan. Pinayagan siyang makapagpyansa at limang taon lamang makalipas nito ay pinawalambisa ng Korte Suprema ang kaso laban sa kanya dahil sa mga "teknikal na batayan".

Marami rin sa mga kilalang kroni at pinaborang pinakamalalaking burgesya kumprador sa bansa ay patuloy na nakapamamayagpag at hindi man lamang napananagot sa kanilang krimen. Kabilang dito sina Juan Ponce Enrile, Fidel Ramos, Lucio Tan at ang namatay na sina Roberto Benedicto, Antonio Floreindo Sr., at Danding Cojuangco. Kaya para sa mga biktima ng mga Marcos, mabagal, bulok at burukratiko ang sistema ng hustisya sa bansa.

Sa harap ng nagdudumilat na katotohanan at mismong pag-amin ng ilang kroni ng kanyang ama, makapal ang mukha ni Bongbong Marcos na humarap sa publiko at ideklarang walang nakaw na yaman ang kanyang pamilya. Gumagawa pa ng kwento ang mga Marcos na diumano'y galing sa Tallano *gold* at Yamashita *treasure* ang kanilang kayamanan—mga kababalaghan at kasinungalingang pambilog sa isip ng kanilang mga loyalista. Pero ayon nga kay dating CJ Sereno, "Kung walang ninakaw, walang na*recover*!"

Hanggang sa kasalukuyan, patuloy na nagtatampisaw ang buong pamilyang Marcos sa kayamanang ito na ginamit para takasan at ikutan ang patung-patong na kaso matapos mapatalsik sa poder at Pag-aalsang EDSA noong 1986, sa muling pagbalik sa iba't ibang pusisyon sa gubyerno at sa sistematikong pagrebisa sa kasaysayan. Nakaw na yaman din ang gamit sa pagpondo sa elektoral na ambisyon ni Bongbong Marcos sa paghahangad na muli nilang makopo ang estado poder. Tiyak na gagawin nila ang lahat upang hindi na ibalik sa taumbayan ang lahat ng kanilang ninakaw at mapawalang-sala sila sa kanilang mga krimen.

Ngayong sumisidhi ang krisis, higit na kailangang mabawi at mapakinabangan ng mamamayang Pilipino ang yamang ninakaw ng mga Marcos. Dapat patuloy na usigin ang pamilyang Marcos at lahat ng kanilang mga kroni sa kanilang mga krimen at bawiin ang kaban ng bayan. Dapat ilantad ang mga kasinungalingang bumabalot sa kanilang katauhan. Hindi dapat pahintulutan ng mamamayang makapanumbalik ang sinumang Marcos at kaalyado nito sa estado poder. *Never again!* 🅺

*Ikaapat sa serye ng mga artikulo hinggil sa Martial Law sa ilalim ng diktadurang US-Marcos*

---

*1 Vera Files Fact Check: Bongbong Marcos falsely claims Martial Law horrors fabricated (Enero 17, 2020)*

*2 Kleptocracy - mula sa salitang Griyego na magnakaw at maghari; paggamit ng namumuno sa kanyang kapangyarihan para nakawin ang mga rekurso at kayamanan ng bansa.*

*3 Crony capitalism - paglalarawan sa ekonomya ng Pilipinas sa ilalim ni Marcos; pagbaluktot sa malayang kalakalan (free market) kung saan ilan lamang ang nagbenepisyo habang nalubog ang mamamayan sa karukhaan.*

*4 Batay sa palitan noong Martial Law*

# INDEKS: Kilalanin ang kaaway, inilabas ng KARED -TK

*Ang mga sandata ay isang mahalagang salik sa digma, subalit hindi ito ang mapagpasyang salik; ang mamamayan, hindi ang mga bagay, ang mapagpasya. Ang paligsahan sa lakas ay hindi lamang paligsahan ng lakas militar at pang-ekonomya, kundi paligsahan din ng lakas pantao at moral.*

*— Mao Zedong, Hinggil sa Matagalang Digma*


Inihahandog ng Kagawaran sa Edukasyon - Timog Katagalugan (KARED-TK) ang **Indeks: Kilalanin ang Kaaway** na inilathala noong Disyembre 2021. Magsisilbi itong gabay at sanggunian ng rebolusyonaryong mamamayan para sa mas malalim na pagkilala sa lakas, pakat at kapabilidad ng AFP-PNP sa rehiyon, gayundin sa mga makabagong kagamitang militar nito bilang mga pinaunlad na instrumento ng pasismo at terorismo ng estado sa buong bansa.

Ayon sa KARED-TK, hindi dapat katakutan ang mga makabagong sandata ng kaaway, bagkus dapat na higit pang palakasin ang rebolusyonaryong hanay sa paghahanda para sa epektibong pagharap sa mga ito. Susi ang pag-aaral at pagsusuri sa katangian, kagamitan at kakayahan ng kaaway upang maiwasan ang mga pinsalang maaaring idulot nito, matukoy ang mga bulnerabilidad at makontra ang mga ito ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon at bansa. Tulad ng sinasabi ni Kasamang Mao Zedong, hindi magagapi ng anumang modernong sandata ng kaaway ang pinagkaisang lakas ng mamamayang nakikibaka.

Bagama't nakalatag na sa Indeks ang pinakahuling sitwasyon ng kaaway sa rehiyon hanggang Nobyembre 2021, patuloy pang nagpapaunlad ng kapasidad at gumagastos ng malaking pondo ang rehimeng Duterte para sa panunupil at mga operasyong militar ng kanyang mga berdugong tropa. Kaugnay nito, maaaring sangguniin ang *infograph* na **Bagong Armas ng AFP: Pamuksa sa Mamamayan** bilang karagdagang apdeyt. Hiwalay itong ilalabas ng KARED-TK bilang karagdagan/apdeyt sa Indeks: Kilalanin ang Kaaway. Dapat na tuluy-tuloy na ilantad ang ginugugol na malaking pondo ng bayan para sa programang modernisasyon ng AFP. Dapat na biguin ng rebolusyonaryong kilusan ang pagpapatindi ng karahasan laban sa mamamayan.

Ang Indeks: Kilalanin ang Kaaway ang pangatlong isyu na inilimbag ng KARED-TK sa taong 2021. Kabilang sa mga unang inilabas ang Salin ng Piling mga Pahayag ni JMS at praymer hinggil sa West Philippine Sea: Ipaglaban ang Ligal at Istorikal na Karapatan ng Pilipinas sa WPS laban sa Pangangamkam ng Imperyalistang China.

Maaaring makakuha ng mga kopya nito sa pinakamalapit na himpilan ng BHB-TK, bisitahin ang *website* na balikwastk.wordpress.com o prwcinfo.wordpress.com o mag-*email* sa st.kalatas@gmail.com. K



# BAGONG ARMAS NG AFP: PAMUKSA SA MAMAMAYAN

***November 2021 — January 2022***

## A BAGONG DATING


### DONASYON MULA SA CHINA

**Halaga: PHP 611 milyon (RMB 76 milyon)**
**Petsa ng pagdating: Enero 16**
**Mga kagamitan sa *rescue* at *relief*, set ng mga *drone*, mga *detector*, *water purification vehicles*, mga ambulansya, mga sasakyan ng bumbero, mga makina sa pag-*xray*, mga robot na EOD (Explosive Ordnance Disposal), *bomb disposal suits*, at mga sasakyang pangtransport, *backhoe*, mga *dumptruck*, mga *forklift*, at mga *earthmover*.**
**Ang kabuuang halaga ng donasyon ay PHP 1 bilyon.**

### TANK GUNNERY SIMULATOR

**Halaga: PHP 36 milyon**
**Petsa ng pagdating: Enero 8**
**Kumpanya: Wolfberry Asia PTE Ltd. at PT Indocertes**
**Pinagmulan: Singapore**
**Apdeyt: natanggap na ng Philippine Army**

### MOBILITY ASSETS



**Mga kagamitan at bilang: 21 KM250 na trak, 14 Toyota SUV, 33 motorsiklo na Kawasaki at Bajaj**
**Petsa ng pagdating: Enero 7**
**Apdeyt: natanggap na ito ng 10th ID ng Philippine Army**

### M125A2 ARMORED MORTAR CARRIER, 120MM MOUNTED MORTAR SYSTEM



**Bilang: 15 yunit**
**Petsa ng pagdating: Disyembre 29**
**Pinagmulan: Israel**
**Kumpanya: Elbit Systems**
**Lawak ng nasasaklaw: 7,000m**
**Apdeyt: Naideliber na sa Mechanized Infantry Battalions at irereaktibang Tank Battalion ng Armor Division, Philippine Army.**

### SOLTAM 155MM/52CAL SELF-PROPELLED HOWITZER




**Halaga: PHP 2.4 bilyon**
**Bilang: 12 yunit**
**Petsa ng pagdating: Disyembre 28**
**Pinagmulan: Israel**
**Kumpanya: Elbit Systems**
**Apdeyt: idineliber na sa Army Artillery Regiment (AAR) ng Philippine Army**

### T4 5.56MM ASSAULT RIFLE

**Halaga: USD 7.3 MILYON**
**Bilang: 12,412 yunit**
**Pinagmulan: Brazil**
**Kumpanya: Taurus Armas**
**Apdeyt: Naipamahagi na ang armas sa 99th IB noong Disyembre 3.**

### S-70I BLACKHAWK HELICOPTER



**Bilang: 5**
**Petsa ng pagdating: Nobyembre 8**
**Pinagmulan: Poland**
**Kumpanya: PZL Mielec**
**Paglalaanan: Philippine Air Force**
**Apdeyt: Ang kabuuang bilang na ng S-70i Black Hawk Helicopter ng bansa ay 15.**

## B MGA PARATING PA

- **(20) SABRAH ASCOD LIGHT TANKS with 105mm GUNS, PANDUR II ARMORED PERSONNEL CARRIERS with AUTOMATED 120mm CARRIERS:** PHP 8.5 bilyon
- **(2) POHANG-CLASS CORVETTE:** PHP 28 bilyon
- **(22) K136 KOORYONG ROCKET ARTILLERY SYSTEM**
- **(2) MULTI-ROLE RESPONSE VESSEL BRP TERESA MAGBANUA**
- **(6) TAI T129 ATAK HELICOPTER:** PHP 12.9 bilyon
- **(3) BRAHMOS MEDIUM-RANGE RAMJET SUPERSONIC CRUISE MISSILE:** PHP 19.1 bilyon
- **(32) S-70i BLACKHAWK HELICOPTER:** PHP 32 bilyon
- **(16) MIL MI-171 HELICOPTER:** PHP 12.7 bilyon
- **(6) OFFSHORE PATROL VESSEL:** PHP 30 bilyon

# Parlade at 2 opisyal ng Philippine Army, kinasuhan

Kinasuhan ng panggagahasa, *serious illegal detention with rape*, *violence against women and children* at paglabag sa Anti-Torture Act sina dating hepe ng Southern Luzon Command (SOLCOM) at kasalukuyang *deputy director-general* ng National Security Council Antonio Parlade Jr., dating kumander ng 2nd ID MGen. Arnulfo Marcelo B. Burgos Jr., 59th IBPA Commander LTC Edward Canlas at isang tauhan ng CAFGU na si Leoven Julita dahil sa ginawang panggagahasa ng mga militar sa isang dalagita sa Quezon noong Hulyo 2020.



Isinampa ng biktima at kanyang kaanak ang kaso sa tanggapan ng DOJ Manila nitong buwan lamang. Dumulog ang biktima at kanyang kaanak sa Gabriela-Southern Tagalog upang humingi ng tulong sa pagsasampa ng kaso.

Hulyo 27, 2020 nang dinukot ang biktima, noo'y 15 taong gulang pa lamang, ng pitong armadong tauhan ng 59th IBPA sa Brgy. Binahaan, Pagbilao. Dinala siya sa kampo ng sundalo sa Macalelon kung saan siya pinagsamantalahan at pilit pinaaaming kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. Pinipilit din siyang maging *asset* ng 59th IBPA para maniktik laban sa rebolusyonaryong kilusan kapalit ng buwanang suweldo at pinagbantaan ang buhay at kaligtasan ng kanyang buong pamilya kapag hindi nakipagtulungan.

Matapos ikulong sa kampo, dinala at idinetine naman siya sa Department of Social Welfare and Development (DSWD)-Lopez at sa bahay ng isang pulis. Nagmakaawa ang biktima na pauwiin na siya subalit binantaan lamang siya ng DSWD-Lopez na manahimik na lamang dahil kung hindi ay papatayin siya at ang kanyang pamilya ng mga militar. Kaugnay nito, sinampahan din ng *kidnapping* at *serious illegal detention* sina Desiree Salamat ng DSWD-Lopez, Arnil Abrinillo, kasamahan ni Julita, at mga magulang ni Julita na sina Leonita at Vilma Julita.

Matinding *trauma* ang idinulot ng pangyayari na nagtulak sa biktima para magtangkang magpakamatay. Hindi pa nasapatan, walang-tigil ang mga pasista sa pangre*red-tag,* panghaharas at pag-iintimida sa pamilya ng biktima.

Ayon sa Gabriela-Southern Tagalog, "Lahat ng sangkot sa krimen ay dapat mapanagot. Ang kasong ito ay patunay sa matinding mga paglabag sa karapatang tao sa Quezon na pinalala ng NTF-ELCAC at *whole-of-nation approach* ng rehimeng Duterte." K



# Sa walang hanggang alaala ng kadakilaan nina Kasamang Eden Marcellana at Dorris Cuario

## *Mga kababaihang rebolusyonaryo at kampeon ng pagtatanggol sa karapatang tao ng pinagsasamantalahang uri*

Ni Nag-aalimpuyong Alikabok

Kaliwa't-kanan ang mga welga sa mga pagawaan at sa mga *bus lines* gayundin sa mga unibersidad at pamantasan. Sa isang pagawaan sa Asia Textiles ko nakilala si Dorris Cuario. Marubdob siyang nakikibaka para sa karapatan sa paggawa at kami namang mga kabataang-estudyante ay nakikipagbigkis ng aming nagbabagang lakas sa mga batayang sektor. Lagi kaming laman ng mga kalsada, welga, *rally, bus hopping*[1], *quick-response team* (QRT)*, fact finding mission* (FFM) at *exhumation*[2].

**Si Kasamang Dorris**

Lumala pa ang kalagayan sa paglabag sa karapatang tao noong 2005-2006 nang makapagtala ang Karapatan ng isa kada araw na biktima ng EJK. Matapang itong kinaharap ng mga naiwan ni Eden at isa na rito si Dorris.

Si Dorris, sa kabila ng kanyang karamdaman, ay magiting na humarap sa hamon at pamanang iniwan ni Eden. Bukod sa patuloy na pagbabanta ng estado at mga gawa-gawang kaso laban sa mga aktibista, lumubha rin ang kanyang *leukemia* kung kaya't may ilang taon rin siyang pinayuhang magpahinga. Subalit hindi mapigilan ang kanyang di nagmamaliw na kagustuhang maglingkod. Nagpahayag siyang nais niyang gumampan muli ng gawain. Nais niyang ilaan ang natitira niyang buhay sa masang inaaping ating

pinaglilingkuran. Inip na inip na siya at nais na niyang muling bumalik sa agos ng pakikibaka. Di niya alintana na maaaring muling lumubha ang kanyang karamdaman.

Hindi mababanaag ang pangamba at sakit kay Dorris dahil siya'y mapagbiro, masayahin at laging handa sa mga kantyawan. At hindi siya umuurong sa harap ng mga kaaway.

Hindi ko malilimutan ang tapang na ipinamalas ni Dorris sa isang QRT na bangkay na pala ng kanyang asawa ang aming daratnan. Malayo pa lamang, tinatanaw na ni Dorris ang nakalabas na paa ng isang bangkay na may takip na kumot. Pinagmamasdan niyang mabuti, at ako naman, pinagmamasdan ko si Dorris.

Nangungusap ang kanyang mga mata at tila nangingilid ang mga luhang handang pumatak. Masama na ang kutob ko hanggang kinumpirma niya at ibinulong sa akin, "Asawa ko nga, pagkakita ko pa lang sa paa alam ko nang siya." Pinipigil niya ang mga luha, hindi niya pwedeng ipakita sa harap ng mga kaaway. Hinarap niya ang mga sundalo at pinangunahan ang QRT. Pagkatapos nito, sa loob ng dyip niya ibinuhos ang lahat, hindi na napigilan ang pagsabog ng kanyang damdamin.

Muli kaming nagkasama ni Dorris nitong mga huling taon ng kanyang buhay sa muli niyang pagsabak sa gawain sa karapatang tao. Ang halos dalawang taon pa niyang iginugol ay punong-puno ng inspirasyon at aral para sa mga bagong aktibista at mga lider na sinasanay. Tumayo siyang mapagkalingang ina, ate, guro ng mga ito. Nagpakita siya ng tamang ehemplo at pinangunahan ang mga QRT, FFM at mga pagkilos.

Hindi mapigilang agos si Dorris sa kanyang muling pagbalik sa pakikibaka. Hindi maitago ang tuwa sa kanyang mukha. Binabalewala niya ang pagod at ang pag-aalala ng mga kasama para sa kanyang kalusugan. Pabiro pa siyang nagagalit at sinasabing kalabaw lang ang tumatanda at nagkakasakit. Batid niyang lumala muli ang kanyang karamdaman at handa na niya itong harapin at tanggapin... ang kamatayan...masaya siyang mamamatay sa piling ng masang kanyang pinaglingkuran. Natupad ang kanyang hiling na makapaglingkod muli bago siya mamatay.

**Mga pambihirang tagpo**

Ang isa sa mga hindi makakalimutang mga pangyayari bago pumanaw si Dorris ay ang mga nakakatuwang tagpo sa gitna ng tahimik na nagbabadyang kalungkutan. Sa malapit na niyang pagpanaw ay nakuha pa niyang mag-utos habang nakaratay sa ospital. Gumagawa pa ng paraan ang



mga kasama niya sa *human rights* (HR) upang maiuwi siya sa kanilang bahay mula sa ospital pero hindi na niya ito mahintay. Siya na mismo ang gumawa ng paraan at inutusan ang naiwang bantay na iuwi na siya. Kulang pa kasi ang pera noon pambayad sa ospital at nag-aayos pa ng ambulansya. Malupit talaga itong si Dorris, ika nga ng mga kasama sa HR, nakaratay na ay namumuno pa!

Nakapagsulat pa siya sa kapirasong papel ng kanyang tila *"last will and testament."* Simpleng-simple lamang para sa isang uring manggagawa na wala namang pagmamay-ari. Ang mga bagay na may halaga sa kanya ang mga nakabilin, ang kanyang aso, ibigay kay ganito, ang mga anak ng kanyang aso kapag nanganak na ay ibigay kay ganito, ganyan at kung kanino pa. Ang *debit card* ay ibigay sa kanyang apo. May mahigpit din siyang bilin na huwag na siyang tutubuhan (*intubate*) at ire-*revive*. Kapag dumating na ang panahon, bitawan na siya. Ayaw niyang maging pabigat at pagkagastusan pa nang malaki, sadya naman daw may sakit siyang nakamamatay.

Hinarap ni Dorris ang kanyang kamatayan nang walang pagdadalawang-isip. Ika nga niya, aanhin ang isang buhay na walang karamdaman kung hindi naman ito nakalaan para sa mamamayan. K

*Ikalawa sa dalawang artikulo hinggil sa magiging na HR worker ng TK*

***Muli kaming nagkasama ni Dorris nitong mga huling taon ng kanyang buhay sa muli niyang pagsabak sa gawain sa karapatang tao. Ang halos dalawang taon pa niyang iginugol ay punong-puno ng inspirasyon at aral para sa mga bagong aktibista at mga lider na sinasanay.***

*1 Bus-hopping - pagsampa sa mga bus upang magtalakay sa mga isyu ng bayan at makalikom ng suportang moral at pinansyal.*

*2 Exhumation - paghuhukay sa labi ng mga taong , pinatay ng mga sundalo upang makilala ang mga biktima, maibigay sa kanilang pamilya, ma-autopsy at mabigyan ng disente at makataong libing.*


HUSTISYA!
KA BOK
HUSTISYA!
KA ORIS
SERVE THE REVOLUTI